

PANYAN

THREE
TALES
of the

LAGBANDUA

STORIES BY
**RHANDEE
GARLITOS**
ANNETTE A.
FERRER
ARTWORKS BY
**SERGIO
BUMATAY III**



An illustration of two children in a boat on a red sea. The child in the foreground is a young boy with a large, pointed, orange horn-like structure on his head, wearing a blue patterned shirt and brown shorts. The child in the background is a young girl with a blue face and a brown patterned shirt. The background is a vibrant red sea with green seaweed and a large orange object in the water.

THE SECRET OF THE SACRED ISLET

— by *Rhandee Garlitos* —

ANG LIHIM NG SAGRADONG ISLA

“Ayaw mo bang makakita ng mga dambuhalang pugita?” pagsusumamo ni Noli.

“Alam mo na ang utos, Noli,” sagot ni Marlon. “Di tayo puwedeng pumunta rito! Kapag nahuli tayo ng tatay mo....”

“Pero ayaw mo ba talagang makakita ng mga dambuhalang pugita?” inulit ni Noli. Nagniningning ang mga mata niya sa pagkasabik.



Napabuntong-hininga na lang si Marlon. “Ikaw na ang panalo. Pero hindi tayo puwedeng mahuli ng tatay mo o ng mga matatanda.”

“Baka ang ibig mong sabihin, hindi tayo mahuli ng mga *manlalabiyot*,” tawa ni Noli, habang lumalangoy pabalik sa dalampasigan.

Nakatira sina Noli at Marlon sa Banuang Daan, isang barangay malapit sa dalampasigan ng isla ng Coron. Ang bahura na kanilang tutunguhin ay bahagi ng isang isla at ang pinakamainam na lugar para languyan. Madalas na panatag, ang malinis nitong tubig ay tahanan ng malalaking pulutong ng makukulay na isda.

Ngunit ito ay isa ring *panyáan*, o sagradong lugar. Naniniwala ang mga taga-Banuang Daan na ito ay pinoprotektahan ng mga *manlalabiyot*. Malalaki at mababangis, ito ay mga di-pangkaraniwang nilalang na may mga ulo ng pugita at katawan ng tao. Laging pinapaalala ng mga matatanda na ang sinumang mahuli ng mga *manlalabiyot* sa *panyáan* ay di na muli pang makikita.

“Tingnan mo, kayliwanag ng tubig dito!” bulalas ni Noli. Nagbabago ang kulay ng tubig mula sa iba’t ibang timpla ng bughaw hanggang maging maningning na luntian habang papalapit sa isla.

“Di ko na mahintay na makita ang mga isda sa ilalim!” sang-ayon ni Marlon. Sabay tumalon ang dalawa mula sa bangka at sumisid patungo sa bahura. Namangha sila sa dami ng nakita nilang iba’t ibang mga koraless at isda. Kumislap ang mga kulay na parang mga brilyante sa ilalim ng tubig.





Pilit hinahabol ni Noli ang isang kawan ng mga isdang sumisibad sa mga koraless nang biglang masulyapan niya ang isang pares ng mga matang nagbabaga sa isang yungib sa ilalim ng tubig. “Ang *manlalabiyot!*” naisip niya. Lahat ng alinlangan ay naigpawan ng kaniyang likas na pagkamausisa, at lumangoy siya tungo sa malalim at madilim na lungga.

Sa sobrang lapit niya ay abot-tanaw na niya ang ulo ng nilalang at ang inaakala niyang bilog nitong bibig, na napaligiran ng tila isang pares ng matatalim na tukâ. Walang kaabug-abog na sumugod ito nang matulin kay Noli, at kagyat siyang napalibutan ng kay-itim na tubig.

Nakaramdam ng totoong takot si Noli at sumalimbay ang mga kuwento ng mga matatanda sa kaniyang isip. Nagpapalag ang kaniyang mga paa at kamay. Di na niya matantiya kung siya’y umiibabaw o umiilalim, at nais niyang sumigaw sa lubhang pagkasindak.





Nang walang atubili, may isang pares ng bisig ang pumalibot sa kaniyang dibdib. Hinihila siya ni Marlon paahon.

“Ano’ng nangyari sa iyo?” tanong ni Marlon nang nasa ibabaw na sila ng tubig. “Paikut-ikot ka at walang direksyon sa paglangoy. Akala ko, pinulikat ka o kung anuman.”




“Nakakita ako ng *manlalabiyot*! Inatake niya ako!” sigaw ni Noli. Mulat ang kaniyang mga mata sa sobrang takot at pagkamangha.

Napatitig si Marlon sa kaniyang pinsan at di nakapagsalita. Matapos ang ilang segundo, payak niyang nasabing, “Uwi na tayo.” Sumulyap siya pabalik ngunit nanatiling tahimik. Sabay silang umakyat sa bangka at nagsimulang magsagwan pabalik sa dalampasigan.

Di na nakatiis si Noli. “Ano’ng nangyari? May ginawa ba akong mali?” tanong niya kay Marlon.

“Di ko alam kung ano ang paniniwalaan,” sagot ni Marlon. “Ngunit kung talagang nakakita ka ng *manlalabiyot*, bakit nandito ka pa? Alam mo naman ang mga kuwento. Paano kung nahuli ka nito?! Paano ko haharapin ang Nanay at Tatay mo?! At ang mga matatanda?”

Nang marinig niya ang mga salitang iyon, nakaramdam si Noli ng kaunting pangamba. Maaaring nalagay siya sa panganib sa pagtatagpo nila ng *manlalabiyot*. Nakita niya ang pag-aalala sa mukha ni Marlon kaya nasabi niya, “Hayaan mo na. Di naman ako nakuha. Umuwi na lang tayo.”





Nang gabing iyon, habang naghahapunan sila ng kaniyang Tatay at Nanay, nagpasya siyang magsabi ng totoo. Ikinuwento niya ang pangyayari sa kanila.

“Sinumpa yata ako ng *manlalabiyot*, Tatay. Napalibutan niya ako ng itim na tubig,” sabi ni Noli. Nakatungo ang ulo niya upang di magtagpo ang mata niya at ng mga magulang niya.

Nagtitigan ang kaniyang mga magulang nang may ngiting makahulugan. Muli silang humarap kay Noli nang buong seryoso.

“Sa tingin ko,” mahinahong sabi ng Nanay niya, “pinaalalahanan ka nito na huwag lumapit.”

“Ang *panyáan* ay sagradong lugar dahil sa isang dahilan,” dagdag ng kaniyang Tatay. “Doon nagpalalahi ang napakaraming nilalang ng dagat. Doon sila nangingitlog, at ang *panyáan* ay ang ligtas na lugar kung saan sila nananahan at lumalaki.”

Isang oras ang nakalipas, taimtim na nakatitig si Noli sa mga bituin sa kaniyang bintana habang nakahiga. Habang iniisip pa rin ang *manlalabiyot*, bumulong siya ng isang panalangin.

“Patawarin ninyo ako sa paggambala sa *panyáan*.” Sasabihin sana niyang, “Di ko na uulitin,” ngunit

napahinto siya. Batid niyang di siya siguradong matutupad niya ito.

Nagpatuloy siya, “Salamat sa pagkakataong makita ang mga isda, ang mga korales, ang malinaw na tubig. Ngunit higit sa lahat, salamat sa pagkakataong makita ang *manlalabiyot*. Salamat sa pakikipagsapalaran na hinding hindi ko malilimutan.”

Napangiti si Noli, bago tuluyang makatulog.

A vibrant, abstract painting. In the center is a tall, clear glass containing a yellow and blue liquid. Inside the glass, a blue eye with a yellow iris is visible. To the left, a hand is shown in a blue and yellow hue, reaching towards the glass. The background is a mix of red, orange, and blue, suggesting a sunset or sunrise. The overall style is expressive and colorful.

APÒNG DAKULO

— by *Rhandee Garlitos* —

GREAT ELDER

“Mopyang temprano, apó ko!”

Tuwing umaga, ginigising ako ni Lolo Filemon mula sa pagkakatulog at sinasamahan ko siya sa dalampasigan para antabayanan namin ang pag-ahon ng araw mula sa dagat. Itinataas ni Lolo ang kaniyang dalawang kamay at nagdarasal, “Magpasalamat tayo kay Amang Araw, sa pagbigay sa atin ng panibagong araw.”

Tapos, uuwi na kaming dalawa kung saan naghihintay ang napakasarap na agahan.

Pagkauwi ng bahay, dali-dali kong kinukuha ang kamay ni Lola Rosa para magmano. “Mano po, Lola,” sabi ko habang hinahalikan ang kaniyang kamay. Pagkatapos nun ay pinupuntahan ko naman ang aking mga magulang, mga tiyuhin at tiyahin upang magmano.

Kitang-kita ko sa gilid ng aking mga mata ang pagngiti ni Lolo. “Ako ang nagturo niyan sa kaniya,” pagmamalaki niya.




May mga araw na tumutungo kami sa paanan ng burol at kumukuha ng *kurut*. Mabalahibo at maputi tulad ng kamote, mga halamang-ugat na kinakain naming mga Tagbanua. Binabalatan nina Lola Rosa at Mamang at binababad ang mga nahiwang piraso sa tabing-dagat ng ilang linggo para matanggal ang lason. “Huwag mong tatangkaing kainin iyan nang hilaw,” paalala ni Lolo

Filemon sa akin, “kung ayaw mong sumakit ang tiyan mo at mahilo ka.”

May mga ibang araw ding inaakyat namin ang mga burol at pumapasok sa mga yungib kung saan namumugad ang mga balinsasayaw. Doon, pinipitas namin ang mga pugad at iniipon para ipagbili ni Papang sa palengke. Namamamangha ako na napakaliksi pa rin ni Lolo sa pag-akyat, samantalang ako na bata pa, kinakailangang huminto para makapagpahinga.






Si Lolo Filemon ang aming Apòng Dakulo, o Dakilang Apò. Siya ang pinakamatandang tao sa isla, at siya na rin siguro ang pinakamaalam. Ginagalang siya ng lahat. Kung saan siya pumunta, babatiin siya ng mga tao at nagmamano. “Kasihang nawa kayo ng ating Panginoon,” sagot niya sa kanila.

Sa mga gabing tahimik, nagtitipon kaming mga bata habang nagsasalaysay siya ng mga kuwento tungkol sa aming

mga sinaunang bayani. Di kami nagsasawa sa pakikinig tungkol sa matatapang at kagila-gilalas na sina Apòng Matambak at Apòng Makarere na nagtago sa mga yungib nang ilang araw bago sugurin ang mga Kastila at mga Moro na nagtangkang kunin ang lupa natin. “Hindi lamang natin sila mga ninuno. Sila ay ating mga bayani,” sabi ni Apòng Dakulo. “Nananalaytay sa ating mga ugat ang kanilang dugo.”



May mga gabi ring nagpupulong ang mga matatanda. Nagtatapos ang pulong nila sa inuman, at magsisimulang umawit si Apòng *Dakulo* ng isang *tablay*. Ayon kay Apòng *Dakulo*, ang kahulugan ng *tablay* ay “tumawid ng burol at mga bundok” sa Tagbanua. Ibig sabihin, binibigkas ang *tablay* tuwing mayroong naglalakbay. Ngunit ngayon, ito ay awit rin ng pagdiriwang, awit na ipinapahayag kung ano ang saloobin sa puso.

Tuwing umaawit si Apòng *Dakulo*, naaalala ko ang banayad na paghagod ng hangin sa mga dahon ng mga puno, tila nakikisabay sa melodiya. At sa tuwing nagsasalitan ang mga matatanda sa pag-awit ng kani-kaniyang mga *tablay*, tila nakikisali ang mga humuhuning kuliglig. Talagang mahiwaga ang mga sandaling iyon.

Pumanaw na ang isa sa mga matatanda sa nayon, si Apòng Santiago. Pumunta kami ni Apòng *Dakulo* sa kaniyang bahay para sa búrol.

Ngunit sa halip na mag-iyakan at magluksa, tila masaya pa ang mga tao. Di maubos ang pagkakantahan sa saliw ng tambol na kung tawagin nami'y *tambur*. Bawat isa ay may ibinabahaging kuwento tungkol kay Apòng Santiago, sa pagdiriwang namin ng kaniyang naging buhay.

Biglang sinimulan ni Apòng *Dakulo* ang pagsalaysay ng *Dumarakol*, isang epikong Tagbanua na binibigkas lamang sa gabi, lalo na tuwing may búrol at kabilugan ng buwan. Ang *Dumarakol* ay isang masalimuot na kuwento ng isang makapangyarihang lalaking Tagbanua na pinagtanggol ang kaniyang bayan ng Bukalawan mula sa kamay ng mga mananakop.

Nakinig kami kay Lolo buong gabi.




“Sadyang makahulugan sa tuwing inaawit iyan ng iyong Lolo,” sabi ni Papang sa akin nang gabing iyon. “Ipinaparamdam nito sa aming ipagmalaki ang ating pagiging Tagbanua. Payak man ang ating buhay, ngunit mayaman naman ang kasaysayan. Pakatandaan mo iyan, Ramon.”

Kinaumagahan, habang nasa tabing-dagat kami ni Lolo Filemon, tinanong ko siya. “Lolo, maaari mo ba akong turuang umawit ng *tablay* at *Dumarakol*?”

“Oo naman, apó ko. Ikagagalak ko,” tugon niya na may ngiti. “Simulan natin sa *tablay* na ito,” sabi niya, habang hinaharap namin ang araw sa umaga at ang mayumi at walang-hanggang bughaw na dagat na abot-tanaw namin mula sa baybayin.





PABLO AND THE ZEBRA

— by Annette A. Ferrer —

SI PABLO AT ANG ZEBRA

Pinanood ng siyam na taong batang si Pablo ang kaniyang Lolo sa pamamato nito sa zebra. Di niya maintindihan ang matinding galit nito sa mga hayop.

Pinupuno ni Lolo ang mga bulsa niya ng bato, handa para sa pag-asinta sa anumang zebra, giraffe, o anumang hayop na magkakamaling lumapit.



Di tulad ni Lolo, kinagigiliwan ni Pablo ang mga hayop sa Caluit. Natutuwa siya sa tuwing marikit na inaabot ng giraffe ang mga puno para sa mga bungkos ng dahon gamit ang kanilang mga dila. Natutuwa rin siya sa mga itim at puting guhit ng mga zebra. “Kung masakyan ko lang sana sila balang araw,” lagi niyang dasal.

Isang araw, tinanong niya ang kaniyang ina. “Mama, bakit galit na galit si Lolo sa mga hayop?”

“Maupo ka, Pablo,” sagot niya, “at may ikukuwento ako.”

Sa isang panahong di pa ganoon katagal, ang bayang ito ay pinamunuan ng isang makapangyarihang hari. May anak siyang lalaki na masidhi niyang minamahal.

“Ano kaya ang maihahandog ko sa aking anak sa kaniyang ikadalawampung kaarawan?” naisip ng hari isang araw.

“Alam ko na! Bibigyan ko siya ng palaruang puno ng mga hayop na kaniyang mapaglalaruan, hahabulin, at maaaring hulihin sa pangangaso!” bulalas ng hari. “Magkakaroon ito ng mga *giraffe*, *zebra*, *impala* at *gazelle*! At walang mga mapanganib na hayop tulad ng mga leon at tigre – maaaring masaktan ang anak ko.”

At, sa pamamagitan ng kaniyang atas, napili ang isla natin ng Calauit na maging palaruan ng prinsipe. Ngunit upang matupad ito, kinakailangang magpasya ang hari ukol sa mga taong naninirahan dito ng panahong iyon.

“Paalisin ninyo sila!” bulyaw ng hari sa kaniyang mga sundalo. “Kailangang magkaroon ng kaniyang palaruan ang prinsipe.”


“Lisanin ninyo ang lugar na ito!” bulyaw ng mga sundalo sa lahat ng 200 pamilyang Tagbanua. “At dalhin ninyo ang mga gamit ninyo! Utos ito ng hari, at walang maaaring magreklamo.”

Wala silang nagawa kundi lumisan. Dinala sila sa isla ng Culion, at kung may magtangkang bumalik sa Calauit, binubugbog sila ng mga sundalo o binubutasan ang kanilang mga bangka.

“Matagal na panahon din ang inabot bago kami nakabalik dito, Pablo,” Sabi ni Mama sa kaniya. “Maraming kaibigan at kamag-anak ng Lolo mo na di na niya nakitang muli. Kaya ganoon na lamang ang himutok niya, anak. Sinisisi niya hindi lang ang hari, kundi pati ang mga hayop na dinala dito sa Calauit.”







May nakitang *zebra* si Pablo sa sumunod na linggo. Namulot siya ng bato at buong lakas niyang ipinukol ang isang bato rito. Nasapul ang *zebra* sa mata. Sa pagkabigla, natumba ang *zebra* at napadaing.

Sumama ang pakiramdam ni Pablo. Gusto man niyang magalit sa *zebra*, di niya maramdaman ito sa kaibuturan ng kaniyang puso. Dali-dali siyang tumakbo tungo sa *zebra*.

“Ikinalulungkot ko,” sabi niya rito. “Di ko dapat ginawa iyon!”

“Araaay... Bakit?”

“Sino ang nagsalita?” Lumingon si Pablo pakaliwa at pakanan, nagtataka.



“Ako,” sagot ng *zebra*. “Ang sakit...” buntong hininga nito, “naman!”

“Nakakapagsalita ka?” Di makapaniwalang bulalas ni Pablo. Napamulagat siya sa gulat.

“Oo, nakakapagsalita kami. Pero di ganoon kadali. Wala naman kasing nakakapagsalita ng Swahili dito,” tugon ng *zebra*.

“Madali ka, kailangan mong magtago,” bulong ni Pablo. “Kapag nakita ka ni Lolo, mas malala pa riyan ang matatamo mo.” Mabilis niyang itinulak ang *zebra* sa makapal na palumpong.

Bumalik si Pablo araw-araw upang dalhan ang *zebra* ng mga talbos ng kamote, bulaklak ng kalabasa, at bunga ng okra na galing sa kanilang gulayan. Yumabong ang kanilang pagkakaibigan.

“Di ko maintindihan,” nabanggit ng zebra isang araw. “Bakit galit na galit kayong mga tao sa amin?”

“Kasi,” buntong hininga ni Pablo, “ninakaw ninyong mga hayop ang aming lunan.” Ikinuwento niya sa zebra ang istorya ng kaniyang Lolo.

Nang matapos siya, napaunga ang zebra. “Pero di namin ito ninakaw sa inyo! Kayo itong naglayo sa amin sa aming lunan!”

“Ano ang ibig mong sabihin?” tanong ng nalilitong si Pablo.

“Maupo ka,” sagot ng zebra, “At ikukuwento ko sa iyo ang istorya ng aking Lolo.”

Isang umaga, maraming taon din bago pa ako ipanganak, nanginginain ang Lolo ko ng bagong tubong damo sa tabi ng kaniyang ina at ama. Iyon ang huling pagkakataon na makakasama niya sila.



Ang tanging naaalala niya ay nakaramdam siya ng hapdi sa hita niya at tuluyang dinapuan ng antok. Pagkagising niya, nasa loob na siya ng malaking kaing kasama ang ilang mga batang zebra.

Ilang araw ang lumipas, binuksan ang kaing at narito na siya!

Ang lugar na ito ay maganda. Ngunit para sa Lolo ko at sa iba pang mga zebra na nakasama niya sa paglalakbay, nakakatakot ang lugar na ito dahil talagang nakakapanibago. Hindi ito ang kanilang lunan!

Ngunit ang masaklap pa – marami sa mga hayop na kasama ng Lolo ko ay wala na rito. Tinugis sila ng mga tao para asintahin na parang mga laruan!





“Kaya ngayong alam mo na,” paliwanag ng *zebra*, “kung mayroon man ditong dapat magalit, kami iyon! Inilayo ninyo kaming mga tao sa aming lunan!”

Ngunit, saglit siyang napahinto at nagsabing, “Ngunit aaminin ko itong sasabihin, di naman talaga ako nagagalit sa iyo. Gusto ko rito. Sa kabila ng lahat, ito lang ang tanging tahanan na aking kinagisnan.”

“Halika,” udyok ni Paolo sa *zebra*. “Dumidilim na at di na dapat tayo maghintay pa. Kailangang sabihin natin kay Lolo ang mga binanggit mo sa akin.”

Kumaluskos ang mga tuyong dahon at naglagutukan ang mga sanga. “Sino iyan?!” utos ng matanda, mahigpit na hawak ang bato habang pilit na may inaaninag sa dilim.

“Lolo, ako ito, si Pablo!” Sabay taas ng kamay ng bata at humakbang tungo sa liwanag ng gasera. Napansin ni Lolo ang kahina-hinalang mala-aninong anyo sa likod ng kaniyang apó. “Sino’ng kasama mo?!” sigaw niya.

“Pakiusap, Lolo, huwag kang mamamato,” pagsusumamo ng bata. “Siya ang kaibigan kong *zebra*.”

Humakbang ang *zebra* tungo sa liwanag. Dahan-dahan at nang may alinlangan, hinarap ng *zebra* sina Lolo at Mama na nakatayo sa palaruan ng kaniyang anak.

Ng gabing iyon, ilang oras na nagkuwentuhan sina Pablo, Lolo, Mama, at ang *zebra*. Tumitig si Lolo kay Pablo, sabay ibinaling ang tingin sa *zebra*.

“Masaya akong naging magkaibigan kayo ni Pablo. Sana’y mapatawad mo ako,” sabi ni Lolo.

“Batid ko na ngayon, na tayong lahat—ang mga tao at hayop ng Caluit—ay pawang mga Tagbanua.”

“At bukas,” pagpapatuloy ni Lolo, “malalaman din ng konseho ng mga apò ang totoo.”





ABOUT THE AUTHORS

RHANDEE GARLÍTOS fell in love with the Tagbanua people and their culture during his journeys to the Calamian Islands as a travel writer, and the stories in this anthology are the fruit of those journeys. A children's book author, journalist, poet, travel writer, editor, translator and educator, he has earned awards for his writing, which include the Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, the Philippine Board on Books for Young People – Salanga Prize, the *Gintong Aklat* Award and the International Board on Books for Young People Diploma for Excellence.

This is his 15th book for children and his 2nd book for CANVAS (after *The Cat and the Bat and Other Fables*, illustrated by Elmer Borlongan, 2013). He also translated some of CANVAS's children's books like *Nadia and the Blue Stars* (2012), *The Triangle Man and the Flightless Diwata* (2015) and *Here Be Dragons* (2015). He currently resides at Novaliches, Quezon City, in a house full of books, with his family and a good number of cats.

ANNETTE A. FERRER once dreamt of documenting vanishing cultures through the lens of anthropology. A freelance copywriter, proofreader, and editor, she holds a degree in AB Social Sciences, Minor in English Literature from the Ateneo de Manila University. She is happiest surrounded by her three cats, cooking, and learning Brazilian jiu-jitsu.

This is her first book.

ABOUT THE ILLUSTRATOR

Children's book illustrator, painter, and book designer **SERGIO BUMATAY III** is best known for his engaging surreal and conceptual illustrations with multilayered meaning. This approach garnered him multiple awards locally and internationally, including the prestigious Peter Pan Prize in Sweden. He is also a member of *Ang Ilustrador ng Kabataan* and holds a Master of Fine Arts degree at the University of the Philippines-Diliman.

He hopes to one day build a magical museum dedicated to local picture books, and he is eager to hear from you through sergiobumatay@yahoo.com.

ABOUT THE PROJECT

In 2016, CANVAS sent a team of writers, photographers, and artists to Palawan to learn about and document the culture of the Tagbanuas of the Calamianes Island Group. Introduced by the ECOFISH (Ecosystems Improved for Sustainable Fisheries) Project, and hosted by three local communities for a week, the CANVAS team listened and probed as elders and leaders of the Tagbanuas shared their history, culture, dreams, hopes, and everyday lives.

“Panyaan: Three Tales of the Tagbanua” is the fruit of this creative partnership between CANVAS and the ECOFISH Project. The three original children’s stories that make up this book, while fictional, are all based on the traditions, surroundings and heritage of the Tagbanuas.

The artworks that brought them to life are similarly inspired by the patterns, colors and feel of the gorgeous islands, waters and communities of Palawan. Each tale is different, and yet all are rooted in stories that have been handed from generation to generation of proud Tagbanuas.



The ECOFISH Project is a joint project of the Philippine government and the United States Agency for International Development (USAID) to improve the management of important coastal and marine resources that support local economies. It seeks to improve fisheries and related livelihoods in eight marine key biodiversity areas, one of which is the Calamianes Island Group, using an ecosystem-based approach to fisheries management to achieve social, economic and ecological sustainability.

The Center for Art, New Ventures & Sustainable Development (CANVAS), a nonprofit organization, works with the creative community to promote children’s literacy, explore national identity, and broaden public awareness of Philippine art, culture and the environment. CANVAS also runs the Looking for Juan Program which explores the use of art to encourage reflection and debate on selected social issues, particularly free expression, technology and culture, and national identity.



CANVAS' 1 Million Books for One Million Filipino Children Campaign aims to inspire in children a love for reading by donating its award-winning books to public schools, hospitals, and disadvantaged communities throughout the country.

A child that reads is a creative, empowered, and imaginative child who will learn independently, envision a brighter future, and ultimately lead a productive and meaningful life.

You can help us!

For more information, visit www.canvas.ph, email info@canvas.ph, or find us on Facebook: **Center for Art, New Ventures and Sustainable Development**.

CANVAS, a non-profit organization, works with the creative community to promote children's literacy, explore national identity, and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.